

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Pagbabalik Sa Jerusalem

Lucas 24:13-35

Ang Kasaysayan...

Ang mga alagad ng Panginoong Jesus ay lubusang nanlupaypay. Ang lahat ng kanilang pag-asa at pangarap para sa bagong kaharian ng Dios ay napakong lahat sa krus ng lumipas na Biyernes. Nanlulumo sa kapighatian at pagkalito, si Cleopas at kanyang kasama ay marahang linakad ang pitong milyang lakbayin mula sa Jerusalem patngo sa kanhlang mallit na bayan ng Emmaus. Palubog na ang araw nang Linggong yaon sa kanilang paglalakbay sa baku-bakong daan nang isang di-kilalang lalaki ang nakisabay sa kanilang paglalakad. Ni hindi nila nalaman na ang bago nilang kasamang naglalakbay ay ang nabuhay na Panginoon.



Hindi pinapansin ang kanilang kasama, ang dalawang nalulungkot na alagad ay binabalikan ang mga alaala ng mga naganap nang linggong nagdaan. Na lalo lamang nagpapabigat ng kanilang bawat hakbang. Samantalang ang Panginoon ay tahimik na nakikinig, mahigpit naman ang Kanyang pagnanais na ihayag ang Kanyang sarili sa Kanyang mga bigong kaibigan. Ngunit sinadyang ikinubli ng Panginoon ang Kanyang sarili, sapagkat higit kailanman ay kailangan nilang maunawaan ngayon ang mga kasulatan. Kung ipinahintulot ng Panginoon na Siya ay makilala ng Kanyang mga tapat na alagad, sa kanilang biglang panggigilalas ay hindi nila mauunawaan ang mahahalagang katotohanang nais Niyang ibahagi sa kanila.

Maging ang tatlo at kalahating taon na pakikinig sa Kanyang turo at pangangaral, ay hindi naging sapat upang maunawaan nila ang Kanyang misyon. Sinabi Niya

2 sa kanila, Ang Anak ng Tao ay ibibigay sa mga kamay ng tao at Siya'y papatayin nila; at pagkapatay sa Kanya, Siya'y magbabangong muli pagkaraan ng ng tatlong araw. Ngunit hindi nila naunawaan ang sabing at nangatakot silang magsipagtanong sa Kanya.” Markos 9:31, 32.

Malumanay na sinansala ni Jesus ang kanilang malungkot na usapan, at sa sumunod na dalawang oras ay ipinagkaloob Niya sa kanila ang susi ng pagkaunawa sa lahat ng Kasulatan at propesiya.



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Gaano sa mga Kasulatan ang iniutos na ating paniwalaan?

Lukas 24:25 *Magsisampalataya _____ ng salita ng propeta.*
II Timoteo 3:16 *Ang lahat ng _____ ay kinasihan ng Dios.*

PALIWANAG: Ang ganap na mga banal na katotohanan ng Dios ay nakapaloob sa mga sulat ng Matanda at Bagong Tipan. Ang mga susi sa pagkaunawa ng mga propesiya ng Apokalipsis ay pangunahing masusumpungan sa mga kasaysayan ng Matandang Tipan. Halimbawa, sa mga 404 na talata ng Apokalipsis, 278 nito ay mga alingawngaw mula sa mga ibang kasaysayan at propesiya ng Matandang Tipan.

2. Sino ang sinasabi ni Jesus na inihahayag ng mga Kasulatan at ng mga propesiya?

Lukas 24:27 *At magmula kay Moises at sa mga propeta ay ipinaaninaw Niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa _____ sa lahat ng mga Kasulatan.*

Juan 5:39 *Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan; sapagkat ... ito ang mga nangagpapatotoo tungkol sa _____.*

Apokalipsis 1:1 *Ang Apokalipsis ni _____ na ibinigay ng Dios sa Kanya, upang ipahayag sa Kanyang mga alipin, samakatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali.*

PALIWANAG: Ang gitnang-larawan ng lahat ng Kasulatan at propesiya ay ang Panginoong Jesus. Ang nakahahalinang seryeng ito ay sakop ang maraming paksa ng propesiya, ngunit tandaan natin na ang pangunahing adhikain ng Daniel at Apokalipsis ay si Jesukristo at ang Kanyang kaharian.



3. Ano ang ibang pangalan ni Jesus na ginamit sa Biblia?

Juan 1:1 *Sa pasimula Siya ang _____, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.*

Juan 1:14 *At nagkatawang-tao ang _____, at tumahan sa gitna natin.*

4. Anong uri ng mga tao ang ginamit ng Dios na sumulat ng Biblia?

II Pedro 1:21 *_____ ay nagsalita buhat sa Dios na nangaudyukan ng Santong Espiritu.*

5. Ang buhay na walang hanggan ay dumarating sa pagkakilala kay Jesus (Juan 17:3). Paanong nakilala si Jesus ng Kanyang mga alagad?

Lukas 24:35 *Siya'y nakilala nila nang _____ ang _____.*

PALIWANAG: Sa Biblia, ang tinapay ay simbolo ng Salita ng Dios. Sinabi ni Jesus, "Nasusulat, Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Dios." Mateo 4:4. Sa ating pagbasa, pagnamnam, at pagsunod sa mga Kasulatan, ay makakasumpong tayo ng lakas, katuwaan, kapayapaan, at walang hanggang buhay.



6. Gaano kahalaga sa mga Kristiyano ang pagaaral ng Biblia?

Job 23:12 *Aking pinagyayaman ang mga salita ng kanyang bibig nang _____ kaysa kailangan kong _____.*

Awit 119:105 *Ang Iyong salita ay _____ sa aking mga paa at _____ sa aking landas.*

PALIWANAG: Kinamumuhian ng Diablo ang Biblia at gagawin niya ang halos lahat upang pigilin ang mga tao na basahin ito. Batid niya na ang mga propesiya nito ay ihahayag ang kanyang mga panukala na dayain ang sangkatauhan. Kaya huwag kayong magtataka kung sikapin ni Satanas na ilayo kayo sa seryeng ito ng mga aralin o kaya ay gawin kayong abala sa mga ibang bagay. Ang Dios ay gagawa ng daan para sa mga naghahanap na makilala ang katotohanan.

7. Sino ang tumutulong sa atin na maunawaan ang Biblia?

Juan 16:13 *Kapag siya ang _____ ng katotohanan, ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan.*

Juan 14:26 *Datapuwa't ang Mangaaliw, samakatuwid baga'y ang _____ ... Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay.*

I Corinto 2:13 *Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa _____ ng Espiritu.*

8. Ano ang nararapat kong gawin upang makatiyak na pinapatnubayan ng Banal na Espiritu ang aking pagaaral ng Biblia?

Lukas 11:9 *At sinasabi ko sa inyo, _____, at kayo'y bibigyan.*

Lukas 11:13 *Kung kayo nga, bagaman masama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak: gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa _____.*

Juan 7:17 *Kung ang sinomang tao ay nagiibig na gumawa ng _____ ay makikilala ninyo ang turo, kung ito'y sa Dios.*

PALIWANAG: Bahagi ng gawain ng Banal na Espiritu na tulungan tayong maunawaan ang katotohanan ng mga Kasulatan. Kaya kailangan nating hingin ang patnubay ng Banal na Espiritu bago natin buksan ang aklat ng Dios. Nakatitiyak ako na pinapatnubayan ng Banal na Espiritu ang aking pagaaral ng Biblia kung (1) humihingi ako sa Kanya ng patnubay (2) kung kusang-loob kong tinatanggap at sinusunod ang katotohanang inihahayag Niya sa akin.



9. Papaanong makatutulong sa atin ang may panalanging pagaaral ng Biblia?

Awit 119:11 *Ang mga salita Mo'y iniingatan ko sa aking puso: upang _____ akong _____ laban sa Iyo.*

Jeremias 33:3 *Tumawag ka sa Akin, at Ako'y _____ sa iyo, at ako'y magpapakita sa iyo ng mga dakila at _____ na hindi mo nalalaman.*

Mga Taga Roma 15:4 *Sapagkat ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay nangasulat sa _____ natin, upang ... tayo'y magkaroon ng _____.*

Santiago 1:5 *Ngunit kung nagkukulang ng _____ ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios ... at ito'y ibibigay sa kanya.*



10. Anong paraan ng pagaaral ng Biblia ang itinatagubilin ng mga Kasulatan?

Isaias 28:10 *Sapagkat _____ at utos, _____ at bilin. ... dito'y kaunti, doo'y kaunti.*

1 Korinto 2:13 *Kundi sa itinuturo ng Espiritu Santo; na _____ natin ang mga bagay na ayon sa Espiritu sa mga pananalitang ayon sa Espiritu.*

2 Pedro 1:20 *Na alin mang hula ng Kasulatan ay hindi nagbuhat sa _____ pagpapaliwanag.*

PALIWANAG: Dapat nating iwaksi ang ating mga sariling kaisipan at pagaralan ang Biblia sa pagbasa ng lahat na nasa Kasulatan sa anumang paksa ("kaunti dito, kaunti doon") at paghahambing ng lahat ng mga talata. Hayaan nating magsalita ang Biblia para sa kanyang sarili. Kapag ito ang ginawa, ang katotohanan ay maliwanag na darating. Sa ganitong paraan ipinaunawa ng Panginoon sa dalawang alagad sa daang patungo sa Emmaus na Siya ang Mesias (Lukas 24:27).

11. Ano ang magagawa sa atin ng pagaaral ng mga Kasulatan?

2 Timoteo 3:15 *At mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na Kasulatan, na _____ sa iyo sa _____ sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo Jesus.*

PALIWANAG: Ipinauunawa sa atin ng mga Kasulatan ang dakilang panukala ng kaligtasan—ang pinakamahalagang kaalaman na ipinagkaloob sa tao.

12. Sangayon sa Panginoon, saan natin masusumpungan ang katotohanan?

Juan 14:6 *Sinabi ni Jesus, Ako ang daan ang _____, at ang buhay.*

Juan 17:17 *Ang _____ Mo ay katotohanan.*

PALIWANAG: Masusumpungan natin ang katotohanan sa Salita ng Dios—ang Biblia. Ang katotohanan ay isang pambihirang bagay sa ating kasalukuyang sanlibutan, at bunga nito ang sangkatauhan ay nagdurusa. Ang katotohanan sa bawat bagay na mahalaga ay masusumpungan sa mga Kasulatan. Ang pagaaral at pagsunod sa mga payo nito ay nagpapalaya sa mga tao (Juan 8:32) at nagdudulot sa kanila ng masaya at saganang pamumuhay (Juan 15:11).



13. Anong mga babala ukol sa pagaaral ng Biblia ang ibinigay sa mga Kasulatan?

2 Timoteo 2:15 *Pagsikapan mong humarap nang subok sa Dios ... na _____ na matuwid ng salita ng katotohanan.*

2 Pedro 3:16 *Sa lahat ng kanyang mga sulat ... na doo'y mayroong mga bagay na mahirap unawain, na _____ ng mga di nakakaalam at walang tiyaga, na gaya rin naman ng kanilang ginagawa sa ibang kasulatan, sa _____ din nila.*

PALIWANAG: "Ang paggamit ng matuwid na salita ng katotohanan" ay nangangahulugan ng matuwid at makatotohanang pagpapaliwanag nito. May malubhang panganib sa pagpilipit ng mga Kasulatan ipang sabihin nito ang nais nating ipakahulugan. Hindi mahalaga kung ano ang sinasabi ko tungkol sa Biblia, kundi kung ano ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa kanyang sarili.



14. Papaano nating susubukin ang lahat ng turo at aral na relihiyoso?

Mga Gawa 17:11 *Tinanggap nila ang salita nang buong pagsisikap, at _____ ang mga Kasulatan araw-araw, kung tunay nga ang mga bagay na ito.*

Isaias 8:20 *Sa _____ at sa _____, kundi sila magsalita nang ayon sa salitang ito, tunay na walang _____ sa kanila.*

PALIWANAG: Ang lahat ng turong relihiyoso ay dapat na suriin sa pamamagitan ng mga Kasulatan. Ang anumang turo na hindi kaayon ng mga Kasulatan ay huwad at di-dapat na pansinin.

15. Ano ang nangyari nang ipaliwanag ni Jesus ang mga Kasulatan sa Kanyang dalawang lupaypay na mga alagad sa daang patungo sa Emmaus?

Lukas 24:32 *Hindi бага _____ ang ating _____ sa loob natin, habang tayo'y kinakausap Niya sa daan, samantalang binubuksan Niya sa atin ang mga Kasulatan?*

16. Pagkatapos na malaman ng dalawang alagad na si Jesus ay buhay, at narinig nila Siya na ipinaliwanag ang mga propesiya, ano ang kanilang ginawa?

Lukas 24:33 *At sila'y nagtindig nang oras ding yaon, at _____ sa Jerusalem, at _____ nangangagtipon ang labingisa, at ang kanilang mga kasama.*

PALIWANAG: Ang unang nadama ng mga alagad pagkatapos nilang marinig ang paliwanag ng Panginoon, ay ang pagnanais na ibahagi sa iba ang mabuting balita na kanilang narinig. Kami ay umaasa na gayon din ang inyong pagnanais na anyayahan ang inyong mga kaibigan sa may kapangyarihang pagaaral na ito ng Biblia.



Ang Iyong Tugon

Nais mo bang lubusang maunawaan at sundin ang mga Kasulatan?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

- Anghel = Tagapagbalita
Daniel 8:16; 9:21; Lukas 1:19, 26; Mga Hebreo 1:14
- Babilonya = Pagtalikod na relihiyoso/kaguluhan/kalituhan
Genesis 10:8-10; 11:6-9; Apokalipsis 18:2, 3; 17:1-5
- Hayop = Kaharian/pamahalaan/kapangyarihang politikal
Daniel 7:17, 23
- Tinapay = Salita ng Dios
Juan 6:35, 51, 52, 63
- Araw = Literal na isang taon
Ezekiel 4:6; Mga Bilang 14:34



Dragon	= Satanas o ang kanyang mga kampon Isaias 27:1; 30:6; Awit 74:13; 14; Apokalipsis 12:7-9; Ezekiel 29:3; Jeremias 51:34
Noo	= Isip Roma 7:25; Ezekiel 3:8, 9
Kamay	= Gawa Ecclesiastes 9:10
Patutot	= Tumalikod na Iglesya/Relihiyon Isaias 1:21-27; Jeremias 3:1-3; 6-9
Mga Ulo	= Nangungunang kapangyarihan/mga pinuno/mga pamahalaan Apokalipsis 17:3, 9, 10
Sungay	= Hari o Kaharian Daniel 7:24; 8:5, 21, 22; Zacarias 1:18, 19; Apokalipsis 17:12
Kordero	= Jesus/hain Juan 1:29; I Korinto 5:7
Ilawan	= Salita ng Dios Awit 119:105
Leon	= Kristo Jesus Apokalipsis 5:4-9
Tanda	= Tatak ng pag-ayon o di pagsangayon Ezekiel 9:4; Roma 4:11; Apokalipsis 13:17; 14:9-11; 7:2, 3
Mga Bundok	= Kapangyarihang pampolitika/kapangyarihang pangrelihiyon at politika Isaias 2:2, 3; Jeremias 17:3; 31:23; 51:24, 25; Ezekiel 17:22, 23; Daniel 2:35, 44, 45
Langis	= Banal na Espiritu Zacarias 4:2-6; Apokalipsis 4:5
Pula	= Kasalanan/Kabulukan Isaias 1:18; Nahum 2:3; Apokalipsis 17:1-4
Malaking Bato	= Jesus/katotohann I Korinto 10:4; Isaias 8:13, 14; Roma 9:33; Mateo 7:24
Tatak	= Tanda ng pag-ayon o di pagsangayon. Roma 4:11; Apokalipsis 7:2,3
Ahas	= Satanas Apokalipsis 12:9; 20:2
Mga Bituin	= Mga Anghel/mga tagapagbalita Apokalipsis 1:16, 20; 12:4, 7-9; Job 38:7
Araw	= Jesus/Ebanghelyo Awit 84:11; Malakias 4:2; Mateo 17:2; Juan 8:12; 9:5
Tabak	= Salita ng Dios Efeso 6:17; Hebreo 4:12
Magnanakaw	= Biglaang Pagdating ng Panginoon I Tesalonika 5:2-4; 2 Pedro 3:10
Panahon	= Literal na taon Daniel 4:16, 23, 25, 32; 7:25; Daniel 11:13 gilid
Mga Tubig	= Mga lugar na tinatahanan ng mga tao/bayan/mga bansa Apokalipsis 17:15
Mga Puting Damit	= Tagumpay/katuwiran Apokalipsis 19:8; 3:5; 7:14
Hangin	= Pagbabaka/kaguluhan/"mga hanging ng digmaan" Jeremias 25:31-33; 49:36, 37; 4:11-13; Zacarias 7:14
Babae, Dalisay	= Tunay na Iglesya Jeremias 6:2; 2 Korinto 11:2; Efeso 5:23-27
Babae, Marumi	= Tumalikod na Iglesya Ezekiel 16:15-58; 23:2-21; Hosea 2:5; 3:1; Apokalipsis 14:4